

Mga Bakuna sa COVID-19 – Ang Dapat Malaman ng Mga Nakakatandang Canadian



Oktubre 2023 (Na-update
noong Enero 2024)

National Institute on Ageing

Iminumungkahing Sanggunian:

Sinha, S. K., Arulnamby, A., Vohra-Miller, S., & Johnstone, J. (2024). Mga Bakuna sa COVID-19 – Ang Dapat Malaman ng Mga Nakakatandang Canadian. National Institute on Ageing. Toronto, ON.

Padadalhang Address:

National Institute on Ageing
Ted Rogers School of
Management
350 Victoria St.
Toronto, Ontario
M5B 2K3
Canada

Tungkol sa National Institute on Ageing

Ang National Institute on Ageing (NIA) ay isang pampublikong patakaran at sentro sa pananaliksik na nasa Toronto Metropolitan University (dating Ryerson University).

Nakatuon ang NIA sa pagpapahusay ng matagumpay na pagtanda sa lahat ng yugto ng buhay. Natatangi ang mandato nito para isaalang-alang ang mga isyu sa pagtanda mula sa iba't ibang perspektiba, kasama ang pinansyal, sikolohikal, at kalagayan sa lipunan.

Nakatuon ang NIA sa pangunguna sa maraming disiplina, nakabatay sa ebidensya, at magagawan ng pagkilos na pananaliksik para magbigay ng blueprint para sa mas mahusay na pampublikong patakaran at kasanayang kinakailangan para tugunan ang maraming hamon at oportunidad na makikita sa tumatandang populasyon ng Canada.

Ipinapangako ng NIA ang pagbibigay ng pambansang pangunguna at pampublikong edukasyon para produktibo at kolaboratibong makipagtulungan sa lahat ng antas ng pamahalaan, katuwang sa pribado at pampublikong sektor, akademikong institusyon, organisasyong nauugnay sa pagtanda, at sa mga Canadian.

Tungkol sa Programa sa Malusog na Pagtanda at Geriatrics ng UHN at Sinai Health

Nakatuon ang Programa sa Malusog na Pagtanda at Geriatrics ng Sinai Health and University Health Network sa pangangalaga ng lahat ng nakakatanda, partikular na ang mga may sakit at mahina. Kami ay nagbibigay ng interpersonal na kahusayan, nagsagawa ng pananaliksik, nagpapatupad ng mga inobatibong modelo ng pangangalaga, nagbibigay-kaalaman sa aming sarili at sa iba, at nakikipagtulungan sa lahat ng katuwang para mabigyang-daan ang malusog na pagtanda.

Mga May-akda

Ang dokumentong gabay na ito ay isinulat nina:

Dr. Samir K. Sinha, MD, DPhil, FRCPC, FCAHS, AGSF

Director of Geriatrics

Sinai Health and University Health Network;

Director of Health Policy Research,

National Institute on Ageing;

Associate Professor, Departments of Medicine, Family and

Community Medicine, Health Policy, Management and Evaluation,

University of Toronto

Arushan Arulnamby, MPH

Policy Analyst, National Institute on Ageing,

Toronto Metropolitan University

Bb. Sabina Vohra-Miller, MSc

Tagapagtatag ng Unambiguous Science

Dr. Jennie Johnstone, MD, PhD, FRCPC

Medical Director, Infection Prevention

and Control, Sinai Health;

Infectious Diseases Departmental

Division Director, University of Toronto;

Associate Professor, Departments of Medicine

and Laboratory Medicine and Pathobiology, University of Toronto

Talahanayan ng Nilalaman

| | |
|---|----|
| Mga Pangkalahatang Tanong Tungkol sa Mga Bakuna Laban sa COVID-19 | 7 |
| Mga Tanong na Partikular sa Mga Nakatatandang Nasa Hustong Gulang | 13 |
| Mga Tanong para sa Mga Partikular na Grupo ng Populasyon | 18 |
| Pagsasawalang-bisa ng Mga Haka-haka Tungkol sa Mga Bakuna Laban sa COVID-19 | 22 |
| Iba pang Tanong | 24 |

Panimula

Simula ng huling bahagi ng 2020, nagkaroon na ng iba't ibang bakuna sa COVID-19 na nabuo, naaprubahan, at inirekomenda sa Canada, batay sa pananaliksik at mga epidemiological na ulat. Ang mga balita ng pagbuo at pag-apruba sa mga bakuna sa COVID-19 na ito ay tinatanggap nang may kasabikan at pag-asa, pero mayroon ding pag-aalinlangan, partikular sa mga nakakatandang nasa hustong gulang at sa ilan sa mga pinakabulnerableng miyembro ng ating lipunan.

Maraming lehitimong tanong at maling paniniwala tungkol sa mga bakuna sa COVID-19, paano nabuo ang mga ito, at ang ibig sabihin ng mga ito para sa ating personal na kalusugan. Mahalagang matugunan ang mga alalahaning ito habang palabas ang Canada sa yugto ng krisis at patungo sa pangmatagalang pamamahala ng COVID-19.

Narito ang ilang karaniwang tanong tungkol sa mga bakuna sa COVID-19 sa mga nakakatandang Canadian kasama ang mga sagot na nakabatay sa ebidensya para matulungan kang maging up to date sa mga impormasyon.

Mga Pangkalahatang Tanong tungkol sa Mga Bakuna sa COVID-19

Paano tumatalab ang mga bakuna?

Ang ating katawan ay puwedeng makakuha ng iba't ibang bacteria, virus, o fungi na puwedeng magdulot ng mga sakit. Tinatawag na mga pathogen ang mga ito. Para labanan ang mga organismong ito na nagdudulot ng sakit, bumubuo ang immune system ng ating katawan ng mga antibody na nabubuo batay sa isang bahagi ng pathogen na tinatawag na antigen. Tumutulong ito na bumuo ng proteksyon laban sa sakit, na tinatawag na immunity. Sa ating katawan, mayroon tayong libo-libong antibody para sa mga antigen na nauugnay sa pathogen.

Kapag nakakatagpo ang ating katawan ng bagong pathogen, tulad ng virus ng COVID-19, matatagalan ito bago mabuo ang mga partikular na antibody. Sa panahong handa na ang ating katawan na lumaban, posibleng nagdulot na ang impeksyon ng maraming pinsala na kung minsan ay posibleng magdulot ng malubhang sakit at pagkamatay. Pero kapag nilabanan na nito ang virus, bumubuo rin ang ating katawan ng mga antibody na bumubuo ng mga memory cell, na tumutulong dito na maalala kung paano labanan ang partikular na virus na iyon. Samakatuwid, sa susunod na magkaroon ka ng contact sa parehong virus, naaalala ito ng iyong katawan at nagagawa nitong mabilis na isaayos ang sistema ng depensa nito laban dito.

Dito posibleng maging kapaki-pakinabang ang mga bakuna. Ang mga bakuna ay may pinahinang virus, mga hindi aktibong antigen o blueprint para makabuo ng mga antigen na nagti-trigger ng pagtugon ng immune system. Nagbibigay-daan

ang mga ito na pabilisin ang immune response laban sa iba't ibang pathogen. Ang ibig sabihin nito, kapag tumagal, kapag nakatagpo ng aktuwal na pathogen ang iyong katawan, at naging immune ka na laban dito, mabilis nitong kinikilala at tinutugunan ito, at nilalabanan ito bago ito magdulot ng malulubhang isyu sa kalusugan.

Paano gumagana ang mga mRNA na bakuna at alin ang available?

Ang mRNA o messenger RNA, ay isang natural na nabubuong molecule sa ating mga katawan at nagbibigay ito ng mga tagubilin sa ating mga katawan para gumawa ng mga kinakailangang protein, na katulad ng isang recipe card.

Bago ang pandemya ng COVID-19, nag-aaral at nagtatrabaho na ang mga tagapagsaliksik at nagsisikap sa mga paggamot na mRNA-based sa loob ng ilang dekada. Noong naging available ang kinakailang impormasyon tungkol sa virus na nagdudulot ng COVID-19, nagsimula na ang mga siyentipiko na idisenyo ang unang mga mRNA na bakuna sa COVID-19.

Sa mga bakunang ito, gumagamit ng synthetic na mRNA para sabihin sa katawan na maglabas ng hindi nakakasamang piraso ng spike protein na antigen, na makikita sa surface ng aktuwal na virus ng COVID-19. Gumagana ang mga bakunang ito sa pamamagitan ng paghahatid ng mga mRNA na tagubilin o isang recipe card na nagdidirekta sa katawan na maglabas ng kaunting spike protein na antigen. Kinikilala ng ating katawan na ang antigen na ito ay hindi dapat

naroon at nagpapabilis ng immune response sa pamamagitan ng paggawa ng mga tagaprotektang antibody laban sa spike protein na antigen ng virus ng COVID-19, kaya kung magkakaroon ulit ang iyong katawan ng contact sa isang aktuwal na virus na nagdudulot ng COVID-19, malalaman na nito kaagad kung paano ito labanan. Ang mRNA sa isang bakuna ay hindi tumatagal sa katawan dahil mabilis itong kumakalat. Ang mRNA mula sa bakuna ay hindi makakarating sa iyong DNA o hindi nito ito mababago sa anumang paraan.

Ang mga mRNA na bakuna ay nga nakakasabik na siyentipikong teknolohiya at magbibigay-daan sa amin na magdisenyo ng mga bakuna para sa iba pang virus gaya ng influenza, respiratory syncytial virus (RSV), Zika, rabies, at cytomegalovirus (kaniwang tinatawag na CMV). Pinag-aaralan din ang mga mRNA na bakuna bilang makabagong paraan para labanan ang cancer.

May iba't ibang mRNA na bakuna laban sa COVID-19 na inaprubahan sa Canada para sa mga nasa hustong gulang, na nagta-target ng iba't ibang uri ng SARS-COV-2 virus. Sa mga mRNA na bakunang inaprubahan sa loob ng nakalipas na tatlong taon, dalawang bagong mRNA na bakuna lang ang inaprubahan para sa paggamit noong taglagas 2023 para i-target ang isa sa mga mas kamakailang strain ng virus: Ang **Comirnaty**® **Omicron XBB.1.5** (Pfizer-BioNTech) at **Spikevax**® **XBB.1.5** (Moderna) ang available sa kasalukuyan.

Paano gumagana ang mga protein subunit na bakuna at alin ang available?

Ginagamit na ang mga protein subunit na bakuna sa loob ng ilang dekada para sa proteksyon laban sa iba't ibang sakit katulad ng pertussis at hepatitis B.

Ang mga bakunang ito ay may mga purified na protein ng virus na binuo sa pamamagitan ng isang mahusay na naitatag na proseso. Una, naglalagay ng isang piraso ng genetic material ng virus na may mga tagubilin na bumuo ng spike ng virus ng COVID-19 sa isa pang cell, na nagbibigay-daan sa produksyon ng protein. Pagkatapos ay pinu-purify at inilalagay ang protein sa katawan para mag-trigger ng immune response. Para pahasayin ang immune response ng protein antigen, ang bakuna ay mayroon ding adjuvant Matrix-M. Ligtas na ginagamit ang mga adjuvant sa iba't ibang bakuna.

Hindi nakakapagdulot ang mga protein subunit na bakuna ng impeksyon at walang virus ang mga ito.

Ang **Nuvaxovid**™ (Novavax) na bakuna laban sa COVID-19 ang tanging protein subunit na bakuna laban sa COVID-19 na available para sa mga nasa hustong gulang sa Canada. Inaprubahan din ang **Nuvaxovid**™ **XBB.1.5** (Novavax) na bakuna laban sa COVID-19 para magamit noong Disyembre 2023 para i-target ang isa sa mga mas kamakailang strain ng virus.

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng pangunahing serye at mga karagdagang dosis?

Ang pangunahing serye ay ang (mga) inisyal na dosis ng mga bakuna sa COVID-19 na natatanggap ng isang indibidwal. Puwede itong isa o dalawang dosis. Walong linggo ang inirerekomendang pagitan ng dalawang dosis ng bakuna sa COVID-19 para sa pangunahing serye.

Inirerekomenda sa kasalukuyan na gumamit ng mga mRNA na bakuna para sa pangunahing serye. Kung hindi available ang mga ito, dapat na ibigay ang protein subunit na bakuna laban sa COVID-19 na **Nuvaxovid™** (Novavax). Mahalagang tandaan na puwedeng gumamit ng iba't bakuna para makumpleto ang isang pangunahing serye.

Ang dahilan kung bakit inirerekomenda ang mga karagdagang dosis pagkatapos ng pangunahing serye ay para pataasin ang proteksyon ng mga tao laban sa impeksyon sa COVID-19 at may sintomas at malubhang sakit na COVID-19 na malamang na humina na mula noong huling pagpapabakuna o impeksyon. Inirerekomenda itong ibigay nang kahit man lang anim na buwan mula sa huling pagpapabakuna o impeksyon sa COVID-19. Bagama't hindi naipakita na ang mas maikling pagitan (hal., tatlong buwan hanggang <anim na buwan) ay nagdudulot ng panganib sa kaligtasan, tinitiyak na mas nakakamit ang mas mataas na immunity o proteksyon sa mas mahabang pagitan sa paglipas ng panahon.

Katulad sa pangunahing serye, mas pinipiling bakuna na ibigay sa karagdagang dosis ang mRNA na bakuna sa COVID-19. Kung hindi available ang mga mRNA na bakuna laban sa COVID-19, dapat na ibigay ang protein subunit na bakuna laban sa COVID-19 na **Nuvaxovid™** (Novavax).

Ang **Nuvaxovid™** XBB.1.5 (Novavax) na inaprubahan noong Disyembre 2023 ay kasalukuyang sinusuri ng National Advisory Committee on Immunization (NACI) ng Canada para makapagbigay sila ng karagdagang gabay tungkol sa kung paano pinakamahusay na gamitin ang bakuna.

Ano ang mga pinakabagong pormulasyon ng mga bakuna laban sa COVID-19?

Sa kasalukuyan, may mga bagong strain ng Omicron na mas kumakalat sa Canada kumpara sa na-target sa pamamagitan ng mga dating available na bakuna laban sa COVID-19. Nagagawa ng mga bagong strain ng Omicron na ito na mas maiwasan ang mga antibody mula sa katawan kumpara sa mga naunang strain ng Omicron.

Mula taglagas ng 2023, isang bagong hanay ng mga bakuna laban sa COVID-19 ang naging available sa Canada na partikular na nagta-target sa isa sa mga mas kamakailang strain ng Omicron. Hindi kasama sa mga bakunang ito ang orihinal na strain ng SARS-CoV-2 virus, at sa halip ay binubuo lang ng isa sa mga mas bagong strain ng Omicron. Bilang resulta, inaasahan ang mga ito na magbigay ng mas mahusay na immune response kumpara sa mga dating available na bakuna laban sa COVID-19. Dahil dito, inirekomenda ng NACI na makatanggap ang mga indibidwal ng mRNA na bakuna laban sa COVID-19 na may XBB.1.5 (Moderna o Pfizer-BioNTech), anuman ang dami ng dosis ng bakuna ang natanggap na nila. Nakadepende ang pagitan ng panahon sa pagpapabakuna sa dating bakuna sa COVID-19 at/o kasaysayan ng impeksyon (pakitingnan ang pahina 13 para sa mga rekomendasyon para sa mga mas nakakatandang nasa hustong gulang).

Ang **Comirnaty® Omicron XBB.1.5** (Pfizer-BioNTech) at **Spikevax® XBB.1.5** (Moderna) ay inaprubahan para sa paggamit ng Health Canada noong Setyembre 2023.

Ang bagong pormulasyon ng bakuna laban sa COVID-19 ng Novavax ay inaprubahan para sa paggamit ng Health Canada noong Disyembre 2023. Ang bagong bakunang ito ay kasalukuyang sinusuri ng NACI para makapagbigay sila ng karagdagang gabay tungkol sa kung paano pinakamahusay na gamitin ang bakunang ito.

Ipinakita na ng data mula sa mga pagsubok sa hayop at/o mga tao na ang mga bagong bakuna ng Moderna, Novavax, at Pfizer-BioNTech ay bumuo ng malalakas na immune response laban sa mga strain ng SARS-CoV-2 XBB* Omicron virus.

Napakabilis na nabuo ng mga bakuna laban sa COVID-19. May mahahalagang hakbang bang nalaktawan sa pagbuo ng mga ito?

Ayon sa [website](#) ng Health Canada, ang lahat ng aprubadong bakuna ng COVID-19 ng Canada ay:

- nakatugon sa mga normal na ipinag-aatas para sa pag-apruba ng isang bakuna, kasama ang lahat ng karaniwang ipinag-aatas sa kaligtasan, kalidad, at bisa para sa mga bakuna, at walang ipinag-aatas ang naisantabi para aprubahan ang paggamit ng mga bakunang ito; at
- nasubaybayan ang kalidad, kaligtasan, at pagkaepektibo sa tuloy-tuloy na batayan.

Nagsama-sama ang mga bansa at kumpanya at nagtulungan sa paraang hindi pa natin nakita noon para tumulong na mabuo ang mga bakuna sa COVID-19. Isinapriyordad ng mga ahensyang pangkalusugan at mananaliksik at manufacturer ng bakuna ang pagbuo ng mga bakuna ng COVID-19 sa pamamagitan ng pamumuhunan ng malaking pera, pag-redeploy ng mga kawani, at pagbuo ng ilang kolaborasyon para gumawa sa mga pagsisikap na nauugnay sa bakuna sa COVID-19. Wala sa rito ang nangyari nang hindi isinasaalang-alang ang kaligtasan, at nagsagawa ng ibayong pag-iingat sa mga klinikal na pagsubok na kinakailangan para ipakita ang kaligtasan at bisa ng mga ito.

Kasama sa iba pang salik na nagpabilis sa paggawa ng mga aprubadong bakuna sa COVID-19:

- Ang pagbuo ng aming mga pinakamaagang bakuna sa COVID-19 ay nakabatay sa ilang dekada ng pananaliksik na isinagawa sa ibang strain ng coronavirus bago ang COVID-19, gaya ng Middle East Respiratory Syndrome (MERS) at SARS-CoV (SARS).

- Pinadali ng mga pagsulong sa agham at teknolohiya ang pagbuo ng mga bagong bakuna; noong na-genetically sequence na ang virus, na nangyari pagkatapos mismo madiskubre ang COVID-19, nakapagtrabaho kaagad ang mga siyentipiko para bumuo ng iba't ibang kandidato sa bakuna at magsimula ng mga klinikal na pananaliksik.
- Matatag na internasyonal na kolaborasyon ng mga siyentipiko, propesyonal sa kalusugan, mananaliksik, industriya, at pamahalaan, kasama ang sapat na pagpopondo para ipatupad ang malalaking klinikal na pagsubok na kinakailangan para mas mabilis na masuri at maitatag ang kaligtasan at bisa ng mga bakunang binubuo.

Dapat bang gumamit ang mga tao ng acetaminophen (tinatawag ding Tylenol) o ng mga non-steroidal anti-inflammatory na gamot bago magpabakuna para maiwasan ang mga sintomas pagkatapos magpabakuna?

Bagama't puwedeng gamitin ang mga gamot na ito para mapamahalaan ang mga sintomas pagkatapos ng pagpapabakuna, hindi inirerekomenda na gamitin nang regular ang nasabing gamot bago o sa oras ng pagpapabakuna. Gayunpaman, kung sakaling nagamit ang gamot, puwede pa ring ipagpatuloy ang pagpapabakuna.

Kung kinakailangang pamahalaan ang mga sintomas pagkatapos ng pagpapabakuna, mas inirerekomenda ang acetaminophen para sa paggamit ng mga nakakatandang tao.

Nagkaroon na ako ng COVID-19. Kailangan ko bang magpabakuna?

Kahit na nagkaroon ka na ng COVID-19 dati, magkakaroon ka pa rin ng benepisyo sa pagpapabakuna dahil ang immunity na nabubuo ng isang tao pagkatapos magkaroon ng impeksyon at pagkatapos magpabakuna (tinatawag na hybrid immunity), ay humahantong sa mabababang antas ng impeksyon sa hinaharap at malubhang sakit. Partikular na ganito ang kaso sa mga indibidwal na may hybrid immunity na may impeksyon mula sa isang mas kamakailang strain ng Omicron.

Inirerekomenda na para sa mga indibidwal na hindi pa nagsimula o nakakumpleto ng kanilang dosis ng pangunahing serye, na maghintay sila ng walaong linggo mula sa positibong test o pagsisimula ng sintomas bago magpabakuna. Para sa mga indibidwal na nakakumpleto ng kanilang pangunahing serye, inirerekomenda na maghintay sila ng anim na buwan mula sa panahon ng nakaraang impeksyon para kunin ang kanilang susunod na dosisi ng bakuna.

Walang alalahanin sa kaligtasan sa pagpapabakuna pagkatapos ng kamakailang impeksyon, na napag-alaman na ganap na tinatanggap; gayunpaman, ang dahilan para sa mga pagitan sa panahon ay dahil sa pag-unawa na mas mataas ang nagreresultang immune response ng indibidwal kapag may mahabang panahon sa pagitan ng impeksyon at pagpapabakuna.

Kahit nakuha na ang hybrid na immunity mula sa naunang pagpapabakuna at impeksyon, bumababa ang proteksyon ng isang indibidwal laban sa impeksyon sa paglipas ng panahon. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit inirerekomenda ang mga dosis kung ang mga tao ay hindi nabakunahan o hindi nakaranas ng kamakailang impeksyon ng COVID-19 sa nakalipas na anim na buwan.

Puwede ba akong sabay na magpabakuna laban sa influenza at COVID-19?

Hindi lang ang bakuna laban sa influenza, pero pati ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay puwedeng ibigay nang sabay, o anumang oras bago o pagkatapos ng ibang bakuna (hal., respiratory syncytial virus, pneumococcal, at shingles).

Mangyaring makipag-usap sa iyong provider sa pangangalagang pangkalusugan hinggil sa ibang bakuna na inirerekomenda para sa iyo.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga inirerekomendang bakuna para sa mga mas nakakatandang nasa hustong gulang, tingnan ang pahina 19.



Mga Tanong na Partikular sa Mga Nakakatandang Nasa Hustong Gulang

Isa akong mas nakakatandang nasa hustong gulang. Dapat ba akong magpabakuna laban sa COVID-19?

Ang mga mas nakakatandang nasa hustong gulang ay nagpag-alaman na malubhang naapektuhan ng impeksyon sa COVID-19, kung saan mga nasa hustong gulang na 60 taon pataas ang bumubuo sa 70 porsyento ng mga pagpapaospital dahil sa COVID-19 at 92 porsyento ng mga kaso ng namatay sa COVID-19 sa Canada.

Ang mga bakuna sa COVID-19 na inaprubahan sa Canada para sa paggamit sa mga mas nakakatandang Canadian ay napag-alaman na parehong talagang ligtas at epektibo.

Maraming benepisyong nauugnay sa pagtanggap sa bakuna sa COVID-19 — mapapababa ng mga ito ang posibilidad mong magkasakit kung nalantad ka sa virus at mapapababa ang posibilidad ng malulubhang epekto (hal., pagpapaospital, pagkamatay). Kapag nagpabakuna ka laban sa COVID-19, mapoprotektahan din ang mga nasa paligid mo na posibleng magkaroon din ng malubhang karamdaman. Inirekomenda ng Public Health Agency of Canada at mga medikal at nursing na samahan ng Canada na mabakunahan ang lahat ng mas nakakatandang Canadian kapag magagawa nila.

Lubos na mahalaga ang mga bakuna sa mga kasalukuyang variant ng SARS-CoV-2 na mas mahusay sa pag-iwas sa mga antibody mula sa mga bakuna at nakaraang impeksyon. Mula taglagas ng 2023, naging available ang mga bagong pormulasyon ng bakuna laban sa COVID-19 na nagta-target sa mga variant na ito at inaasahan ang mga ito na magbigay ng mas mahusay na proteksyon laban sa mga variant na ito kumpara sa mga kasalukuyang available na bakuna.

Epektibo at ligtas ba ang mga bakuna sa COVID-19 para sa mga mas nakakatandang nasa hustong gulang?

Oo, ang mga pagsubok sa bakunang Pfizer-BioNTech, Moderna, at Novavax ay nagtala ng maraming mas nakakatandang nasa hustong gulang sa mga orihinal na pagsubok sa bakuna ng mga ito para maitatag na parehong ligtas at mabisa ang mga bakuna laban sa COVID-19.

Bagama't iba't iba ang pangkalahatang bisa ng mga bakunang Pfizer-BioNTech, Moderna, at Novavax sa pag-iwas sa nakumpirma sa laboratoryo na karamdamang COVID-19 sa mga tao, napag-alaman na ang bisa ng mga ito sa pag-iwas sa pagpapaospital at pagkamatay ay pinakanataas para sa mga indibidwal na may kumpletong bakuna sa mga klinikal na pagsubok.

Ang mga na-update na bakuna laban sa COVID-19 na may XBB.1.5 ay inaasahang gagana nang mas mahusay laban sa mga kasalukuyang strain kumpara sa mga dating available na bakuna laban sa COVID-19. Ipinakita na ng data mula sa mga trial sa hayop at/o mga tao na ang mga bagong bakuna ng Moderna, Novavax, at Pfizer-BioNTech ay bumuo ng malalakas na immune response laban sa mga strain ng SARS-CoV-2 XBB* Omicron virus.

Hindi inirerekomenda ang paghahambing ng magkakaibang antas ng bisa sa pagitan ng mga pagsubok sa bakuna dahil ang bawat pagsubok ay may medyo naiibang endpoint ng bisa — kaya hindi patas na makukumpara ang isa't isar. Bukod pa rito, ang mga klinikal na pagsubok na nauugnay sa ibang bakuna sa COVID-19 ay ginawa sa ibang bansa sa ibang panahon ng pandemya, at ang dami ng COVID-19 pati na ang dami at uri ng mga variant na laganap sa mga klinikal na pagsubok na ito ay posibleng nakaapekto sa mga resulta ng bisa ng mga ito. Ang mahalagang tandaan ay ang lahat ng kasalukuyang available na bakuna ay napakapektibo sa pag-iwas sa malubhang karamdaman, mga pagpapaospital, at pagkamatay na nauugnay sa COVID-19.

Gayunpaman, kung hindi isasaalang-alang ang pagpapabakuna, dahil sa mga kawalan ng kasiguraduhan hinggil sa COVID-19 at sa haba ng proteksyon mula sa mga inirerekomendang bakuna at nakaraang impeksyon, hindi natin dapat itigil ang iba pang mahalagang hakbang sa pampublikong kalusugan para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.

Nananatiling mahalagang diskarte ang pagsusuot ng mask sa publiko, physical distancing, madalas na paghuhugas ng kamay, at pag-iwas sa matataong lugar.

Anong mga bakuna laban sa COVID-19 ang dapat kunin ng mga mas nakakatandang nasa hustong gulang at gaano katagal ang agwat?

Ang mga mas nakakatandang nasa hustong gulang ay inirerekomendang makatanggap ng mga na-update na mRNA na bakuna laban sa COVID-19 na may XBB.1.5 (Pfizer-BioNTech and Moderna).

Ang mga bakunang ito ay inaasahang makakapagbigay ng mas mahusay na immune response laban sa mga kasalukuyang kumakalat na strain ng COVID-19 kumpara sa mga naunang bakuna laban sa COVID-19, at mapapahusay din ng mga ito ang proteksyon laban sa impeksyon, may sintomas na sakit, at malubhang sakit na posibleng mabawasan mula sa huling pagpapabakuna o impeksyon ng isang tao.

Ang mga mRNA na bakuna (Pfizer-BioNTech at Moderna) pa rin ang mga mas pinipiling bakuna laban sa COVID-19, kung saan inirerekomenda ang orihinal na bakunang **Nuvaxovid™** (Novavax) para sa paggamit ng mga hindi handa o hindi puwedeng makatanggap ng mga mRNA na bakuna. Ang kamakailang inaprubahang **Nuvaxovid™** (Novavax) na bakuna sa COVID-19 na may XBB.1.5 ay kasalukuyang sinusuri ng NACI para makapagbigay sila ng karagdagang gabay tungkol sa kung paano pinakamahusay na gamitin ang bakunang ito.

Para sa mga indibidwal na hindi pa nakatanggap ng anumang dosis ng mga bakuna laban sa COVID-19 (hindi pa nagsimula ng mga dosis ng pangunahing serye), inirerekomenda na makatanggap ng isang dosis ng mRNA na bakuna laban sa COVID-19 na may XBB.1.5. Kung nagkaroon sila ng kamakailang impeksyon sa COVID-19, posibleng iantala ang pagpapabakuna nang walong linggo.

Para sa mga indibidwal na nasimulan na ang kanilang mga dosis sa pangunahing serye, pero nakatanggap lang ng isang dosis ng mas naunang bakuna laban sa COVID-19, inirerekomenda na tapusin ang serye sa pamamagitan ng pagtanggap ng isang dosis ng mga mRNA na bakunang may XBB.1.5. Puwede itong matanggap kung dumaan na ang hindi bababa sa walong linggo mula noong matanggap ang nakaraang bakuna sa COVID-19 o magkaroon ng impeksyon sa COVID-19.

Para sa mga indibidwal na nakumpleto ang kanilang mga dosis ng pangunahing serye (kahit man lang dalawang dosis ng naunang mga bakuna sa COVID-19), inirerekomendang

makatanggap ng isang dosis ng mRNA na bakuna laban sa COVID-19 na may XBB.1.5. Puwedeng matanggap ang dosis na ito kung dumaan na ang hindi bababa sa anim na buwan mula noong matanggap ang nakaraang bakuna laban sa COVID-19 o magkaroon ng impeksyon sa COVID-19.

UPDATE: Mula sa tagsibol ng 2024, inirerekomenda ng NACI na ang mga nakatatandang taga-Canada, indibidwal na immunocompromised, nasa hustong gulang na residente ng mga tahanan para sa pangmatagalang pangangalaga, at iba pang lugar ng tirahang may kasama para sa mga nakatatandang nasa hustong gulang ay puwedeng tumanggap ng karagdagang dosis ng mRNA na bakuna laban sa COVID-19 na may XBB.1.5. Puwedeng matanggap ang karagdagang dosis na ito kung dumaan na ang hindi bababa sa anim na buwan mula noong matanggap ang nakaraang bakuna laban sa COVID-19 o magkaroon ng impeksyon sa COVID-19.

| Ilang (Mga) Dosis ng Bakuna sa COVID-19 na Walang XBB.1.5 ang Natanggap Mo? | Ilang (Mga) Dosis ng mRNA na Bakuna Laban sa COVID-19 na May XBB.1.5 ang Inirerekomenda?* | Kailan Dapat Tumanggap ng Inirerekomendang Dosis? |
|---|---|--|
| 0 | 1 | Puwedeng tumanggap ngayon Isaalang-alang ang paghihintay nang 8 linggo, kung nakaranas ng kamakailang impeksyon sa COVID-19 |
| 1 | 1 | 8 linggo mula sa nakaraang bakuna o impeksyon sa COVID-19 |
| 2 o Higit pa | 1 | 6 na buwan mula sa dating pagbabakuna laban sa o impeksyon sa COVID-19** |

* Alinman sa Comirnaty® Omicron XBB.1.5 (Pfizer-BioNTech) o Spikevax® XBB.1.5 (Moderna).

** Hindi nagpapakita ang mas maikling agwat (hal., tatlong buwan hanggang <anim na buwan) ng panganib sa kaligtasan.

Ano ang mga side effect ng mga bakuna laban sa COVID-19 sa mga mas nakakatandang nasa hustong gulang?

Nangangahulugan ang mga side effect ng bakuna na ang immune system ng katawan ay gumagana at naghahanda na labanan ang virus kung makakatagpo ito nito sa hinaharap.

Ang mga side effect na nauugany sa mga bakuna sa COVID-19 ay karaniwang hindi malubha at hindi naiiba sa mga mas nakakatandang nasa hustong gulang kumpara sa natitirang populasyon.

Pinakanakapanatag ay walang malinaw na pattern ng nangyaring malubha o hindi inaasahang hindi magandang kaganapan sa daang milyong mga mas nakakatandang nabakunahan laban sa COVID-19.

Sa mga bakuna laban sa COVID-19 na may XBB.1.5, kasama sa mga pinakakaraniwang side effect ang pananakit kung saan ka tinurukan, pagkapagod, pananakit ng ulo, pagduruwal, pananakit ng kalamnan, at lagnat. Puwedeng tumagal ang mga side effect na ito nang isa o dalawa, at malimit na mahigit sa ilang araw.

Ang mga side effect ng bakuna ay karaniwang senyales na eksaktong ginagawa ng iyong immune system ang dapat nitong gawin: nagtatrabaho at binubuo ang iyong immunity para protektahan ka sa nilalabanan ng bakuna mo.

Sa katunayan, dahil malamang na mas mahina ang mga immune system ng mga mas nakakatandang nasa hustong gulang kumpara sa mga mas nakababatang tao, mas mabagal ang pagkakaroon nila ng mga side effect, pero pareho lang ang antas ng immunity o proteksyong nakakamit sa mga mas nakababatang nasa hustong gulang sa mga bakunang ito.

Puwede kang magkaroon ng allergic na reaksyon sa anumang gamot o pagkain. Posibleng ang ilang tao ay allergic sa isang sangkap sa mga bakuna sa COVID-19, pero mahalagang tandaan na bihira ang mga allergic na reaksyong ito. Inirerekomenda na kung mayroon kang mga allergy, kasana ang mga malubhang allergy kung saan kinakailangan mong magdala ng EpiPen, dapat mong ipagbigay-alam ang bakuna sa iyong doktor na makakasuri sa iyong panganib at makapagbigay ng higit pang impormasyon tungkol sa kung paano ligtas na makapagpabakuna.

Nag-aalaga ako ng nakatatandang nasa hustong gulang na ayaw magpabakuna. Paano ko siya makukumbinsi na ligtas ito?

Puwede kang magpakita sa isang nakatatandang nasa hustong gulang ng mga Q&A tungkol sa COVID-19 gaya ng isa o alinman sa mga link sa ibaba na sasagot sa mga tanong na partikular na nauugnay sa mga nakatatandang nasa hustong gulang.

Bigyang-diin din sa mga mas nakakatandang nasa hustong gulang sa iyong buhay na ang COVID-19 ay isang malubhang karamdaman at 92 porsyento ng mga pagkamatay sa COVID-19 sa Canada ay mga nakakatandang Canadian na 60 taong gulang pataas.

Nauunawaan na ang mga mas nakakatandang nasa hustong gulang ay mag-alinlangan sa bakuna sa COVID-19, pero dapat mapanatag sila sa kaalaman na ang anumang potensyal na panganib ng mga side effect na nauugnay sa pagpapabakuna ay malamang na mas matimbang kumpara sa panganib ng pagkamatay dahil sa COVID-19, lalo na't daan-daang milyong mas nakakatandang tao sa buong mundo ang ligtas nang nakatanggap ng bakuna sa COVID-19 sa ngayon.



Mga Tanong para sa Mga Partikular na Grupo ng Populasyon

Dapat bang tumanggap ng bakuna laban sa COVID-19 ang mga nakatatandang nasa hustong gulang na may kundisyon sa kalusugan?

Ayon sa mga pag-aaral, hindi lang mas mataas ang posibilidad para sa malubhang resulta mula sa COVID-19 ang mga nasa hustong gulang na may kundisyon sa kalusugan, pero tumataas ang posibilidad kasama ng maraming kundisyon.

Dahil dito, partikular na mahalaga ang pagpapabakuna para sa mga kundisyong nakalista sa ibaba. Kung mayroon kang hindi bababa sa isa sa mga sumusunod na medikal na kundisyon (gaya ng nabanggit ng Public Health Agency of Canada ng Canada), makipag-ugnayan sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagbabakuna:

- Cancer
- Cerebrovascular disease
- Chronic kidney disease
- Ilang partikular na hindi gumagaling na sakit sa atay
- Ilang partikular na hindi gumagaling na sakit sa baga
- Cystic fibrosis
- Diabetes mellitus, type 1 at type 2
- Mga kapansanan
- Mga kundisyon sa puso
- Impeksyon sa HIV
- Ilang partikular na kapansanan sa kalusugan ng pag-iisip
- Labis na katabaan
- Mga pangunahing sakit sa immunodeficiency
- Paninigarilyo, kasalukuyan o dati
- Transplant sa solid organ o blood stem cell
- Tuberculosis
- Paggamit ng mga corticosteroid o iba pang immunosuppressive na gamot

Ligtas ba ang pagpapaturok ng bakuna laban sa COVID-19 para sa mga nakatatandang nasa hustong gulang na may mga kundisyon sa kalusugan?

Sa pangkalahatan, ligtas para sa mga indibidwal na may kundisyon sa kalusugan na magpaturok ng mga bakuna sa COVID-19.

Gayunpaman, itinala na ang mga may problema sa pagdurugo o tumatanggap ng pampanipis ng dugo ay dapat magsabi sa kanilang mga provider sa pangangalagang pangkalusugan, para maiwasan ang panganib ng pagdurugo, pamamasa, o pagkakaroon ng haematoma (pamumuo ng dugo sa ilalim ng balat) pagkatapos ng pagpapabakuna. Pinapayuhan din ang mga nasa hustong gulang na may anumang kundisyon sa kalusugan o gumagamit ng gamot na abisuhan ang kanilang provider sa pangangalagang pangkalusugan na iwasan ang mga side effect at matiyak ang wastong paggamit ng mga bakuna.

Dapat bang magpaturok ng bakuna laban sa COVID-19 ang isang taong may mga allergy?

Dapat talakayin ng mga indibidwal na may mga allergy, nauugnay man sa bakuna sa bakuna sa COVID-19 o hindi, sa kanilang provider sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagkuha ng bakuna sa COVID-19. Para sa mga indibidwal na pinayuhang kunin ang bakuna sa COVID-19, ang tagal ng panahong naobserbahan pagkatapos ng pagpapabakuna ay puwede magbago depende sa uri ng allergy (15 hanggang hindi bababa sa 30 minuto).

Kahit para sa mga indibidwal na may hindi malubhang allergic na reaksyon sa isang nakaraang dosis ng bakuna sa COVID-19 para talakayin ito nang husto sa kanilang provider sa pangangalagang pangkalusugan, dahil posibleng kailanganin nila ng isa pang dosis.

Ligtas ba ang pagpapaturok ng bakuna laban sa COVID-19 para sa mga nakatatandang nasa hustong gulang na immunocompromised?

Ang mga immunocompromised na pasyente, o ang mga taong may mahinang immune system, ay may mas mataas na posibilidad na magkaroon ng malubhang karamdaman at mamatay dahil sa COVID-19.

Posibleng kasama rito ang mga nakakatandang tao na namumuhay nang may cancer, HIV, ang mga tumanggap ng transplant, o gumagamit ng mga steroid o iba pang gamot para gamutin ang ilang mga medikal na condition, na tinatawag na immunosuppressant, na nagbabawas sa kakayahan ng katawan na labanan ang ilang impeksyon.

Dahil sa kanilang mas matinding panganib ng pagkakaroon ng malubhang karamdaman at pagkamatay dahil sa mga impeksyon sa COVID-19, dapat matanggap ng mga immunocompromised na tao ang mga bakuna sa COVID-19 kung walang ganap na kontraindikasyon.

Dahil wala sa mga kasalukuyang aprubadong bakuna ang may buhay na virus, walang panganib ng pagkakaimpeksyon sa aktuwal na virus kapag nagpabasura.

Ang pangangailangan para sa mga bakuna sa COVID-19 ng mga nasa hustong gulang na immunocompromised ay malinaw na itinatampok dahil sila ay inirerekomendang makatanggap ng dalawa hanggang tatlong dosis, apat hanggang walong linggo ang pagitan, para sa kanilang pangunahing serye. Ang ibang nasa hustong gulang ay nirerekomendahan lang makatanggap ng isa hanggang dalawang dosis, walong linggo ang pagitan para sa kanyang pangunahing serye. Pakitingnan ang talahanayan sa ibaba para sa isang buod ng mga rekomendasyon ng NACI para sa mga indibidwal na immunocompromised.

Sa pangkalahatan, para sa mas nakakatandang Canadian na may nakokontrol nang husto na mga problema sa immune system, idinidiin ng mga medikal na eksperto na ang mga positibong benepisyo ng mga bakuna sa COVID-19 ay halos mas matimabang sa anumang panganib, at inirerekomenda ang pagbabakuna.

Bilang karagdagan, magandang palaging magtingin para sa pinakabagong impormasyon at payo tungkol sa kaligtasan at bisa ng mga bakunang ito sa iyong doktor, na pinakamahusay na nakakaalam ng iyong pangkalahatang medikal na sitwasyon.

Buod ng Mga Rekomendasyon ng NACI para sa Mga Indibidwal na Immunocompromised

| Ilang (Mga) Dosis ng Bakuna sa COVID-19 na Walang XBB.1.5 ang Natanggap Mo? | Ilang (Mga) Dosis ng mRNA na Bakuna Laban sa COVID-19 na May XBB.1.5 ang Inirerekomenda?* | Kailan Dapat Tumanggap ng (Mga) Inirerekomendang Dosis? |
|---|---|--|
| 0 | 2 | <p>Puwedeng tumanggap ngayon</p> <p>Isaalang-alang ang paghihintay nang 4 hanggang 8 linggo, kung nakaranas ng kamakailang impeksyon sa COVID-19</p> <p>Dapat ibigay ang pangalawang dosis nang 4 hanggang 8 linggo mula sa nakaraang bakuna o impeksyon sa COVID-19</p> |
| 1 | 2 | 4 hanggang 8 linggo mula sa nakaraang bakuna o impeksyon sa COVID-19 |
| 2 | 1 | 4 hanggang 8 linggo mula sa nakaraang bakuna o impeksyon sa COVID-19 |
| 3 o higit pang dosis | 1 | 6 na buwan mula sa dating pagbabakuna laban sa o impeksyon sa COVID-19** |

* Alinman sa Comirnaty® Omicron XBB.1.5 (Pfizer-BioNTech) o Spikevax® XBB.1.5 (Moderna).

** Hindi nagpapakita ang mas maikling agwat (hal., tatlong buwan hanggang <anim na buwan) ng panganib sa kaligtasan.

UPDATE: Mula sa tagsibol ng 2024, inirerekomenda ng NACI na ang mga indibidwal na immunocompromised ay puwedeng tumanggap ng karagdagang dosis ng mRNA na bakuna laban sa COVID-19 na may XBB.1.5. Puwedeng matanggap ang karagdagang dosis na ito kung dumaan na ang hindi bababa sa anim na buwan mula noong matanggap ang nakaraang bakuna sa COVID-19 o magkaroon ng impeksyon sa COVID-19.

Ligtas at inirerekomenda ba para sa mga taong may dementia ang bakuna laban sa COVID-19?

Ang edad ang pinakamalaking salik ng panganib para sa pagkakaroon ng dementia. Ang mga taong may dementia ay karaniwang mayroong kahit man lang isang iba pang hindi gumagaling na kundisyon at naipakita na nasa mas mataas ng panganib, kumpara sa mga taong walang dementia, ng pagkakahawa, pagkakaroon ng malubhang sakit, at pagkamatay mula sa COVID-19.

Ang mga taong may dementia ay mas malamang na magkaroon ng problema sa pag-alala at pag-unawa ng mga inirerekomendang hakbang sa pampublikong kalusugan, gaya ng physical distancing at pagsusuot ng mask kapag may kasamang iba, na nagpapataas ng kanilang panganib ng pagkahawa sa COVID-19. Ito ang dahilan kung bakit inirerekomenda ng Public Health Agency of Canada, mga medikal at nursing na samahan ng Canada, at ng Alzheimer Society of Canada na ang lahat ng mas nakakatandang Canadian, kasama ang mga may dementia, ay mabakunahan kapag magagawa nila.

May ilang alalahanin na ang ilang limitadong side effect na nauugnay sa mga bakuna sa COVID-19, tulad ng masakit na braso, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pagkahapo, lagnat, o pagtatae na puwedeng tumagal ng ilang araw ay posibleng magdulot ng pinatinding pagkalito sa isang tao na may dementia, pero ang mga side effect na ito pagkatapos ng pagpapabakuna ay puwedeng karaniwang maayos na mapamahalaan gamit ang acetaminophen o iba pang paggamot.

Miyong-milyong mas nakakatandang tao sa buong mundo na may dementia ang ligtas nang nakatanggap ng kanilang mga bakuna sa COVID-19 at patuloy na binibigyang-diin ng mga medikal na eksperto na ang mga positibong benepisyo ng mga bakuna sa COVID-19 ay halos palaging mas matimbang sa anumang mga panganib, lalo na't partikular na inirerekomenda ang pagpapabakuna sa mga taong may dementia.

Isa akong miyembro ng racialized na komunidad at nag-aalinlangan akong magpabakuna laban sa COVID-19. Paano ko malalaman na ligtas ito para sa akin?

Nauunawaan ito para sa mga racialized na indibidwal, partikular sa mga Black at Indigenous na Canadian, na mag-alinlangang magpabakuna dahil sa systemic racism at historikal na kawalan ng tiwala sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng Canada. Gayunpaman, ang mga Canadian of colour ay hindi patas na naapektuhan ng COVID-19 dahil sa panlipunan, pang-ekonomiko at pangkalusugang hindi ng pakakapantay-pantay, at makakapagbigay ang pagpapabakuna ng pinakamataas na antas ng proteksyon mula sa virus na ito.

Higit pa rito, sinabi na ng Pfizer-BioNTech at Moderna na ang bisa ng kanilang mga bakuna ay hindi pabago-bago sa lahat ng edad, lahi, at etnisidad, at demograpiko ng kasarian.

Pagsasawalang-bisa ng Mga Haka-haka Tungkol sa Mga Bakuna sa COVID-19

Ang ibig sabihin ba ng pagpapabakuna ay magkakaroon ako ng COVID-19?

Ang mga bakuna sa COVID-19 na kasalukuyang available sa mga Canadian ay hindi magbibigay sa iyo ng COVID-19. Ang lahat ng bakuna ay karaniwang nagdadala ng recipe card na ginagamit ng iyong katawan para gumawa lang ng maliit na piraso ng hindi nakakasamang spike protein, na katulad sa protein sa aktuwal na virus ng COVID-19, na tumutulong sa iyong katawan na makilala ang at lumaban sa virus.

Ang bakuna sa COVID-19 ang walang aktuwal na virus ng COVID-19, kaya hindi ka magkakaroon ng COVID-19 mula sa bakuna. Ang synthetic DNA at mRNA na pangunahin sa mga bakuna sa COVID-19 ay mabilis ding kumakalat kapag pumasok ito sa katawan.

Hindi gagawin ng bakuna sa COVID-19 na positibo ang isang nasopharyngeal (nasal) PCR test o Rapid Antigen Test (RAT). Kung mapopositibo ka sa COVID-19 sa isang RAT o PCR test, ang ibig sabihin nito ay may impeksyon ka ng COVID-19, at hindi ito nauugnay sa bakuna.

Napag-alaman kong nakakasama ang mga materyal sa bakuna. Totoo ba iyon?


Gaya ng nakasaad sa unang bahagi ng pamphlet na ito, ang bakuna ng Pfizer-BioNTech at Moderna ay may mRNA, at ang bakuna ng Novavax ay may SARS-CoV-2 recombinant na spike protein at adjuvant Matrix-M. Ang iba pang sangkap sa mga aprubadong bakuna sa COVID-19 ay mga normal na sangkap ng bakuna, gaya ng mga fat, salt, at kaunting sugar. Ang mga bakuna ay walang live virus at hindi hahalo sa ating DNA.

Ang lahat ng aprubadong bakuna sa COVID-19 ay walang anumang gelatin o materyal mula sa hayop. Ang mga bakuna ng Pfizer-BioNTech, Moderna, at Novavax ay hindi binuo gamit ang mga fetal cell line. Mahalagang tandaan na wala sa mga bakuna ang may anumang fetal tissue o cell. Ang kasalukuyang aprubadong bakuna ay walang mga karaniwang allergen gaya ng latex at food protein (hal., mga itlog, gluten, produkto o byproduct ng nut). Ang mga bakuna ay walang anumang materyal gaya ng mga metal, implant, microchip, o tracking device.

Napag-alaman kong ang mga indibidwal ay posibleng magkaroon ng myocarditis/pericarditis pagkatapos magpabakuna laban sa COVID-19. Totoo ba iyon?

May napakabihirang posibilidad sa mga indibidwal na magkaroon ng myocarditis (inflammation o pamamaga/pamumula ng kalamnan ng puso) at/o pericarditis (inflammation o pamamaga/pamumula ng lining sa labas ng puso) sa pamamagitan ng mga available na bakuna sa COVID-19. Ang mga sintomas para sa karamihan ng mga tao ay mabilis na nawawala sa pamamagitan ng karaniwang paggamot at pagpapahinga. Gayundin, napag-alaman para sa mga bakuna ng Pfizer-BioNTech at Moderna na nangyari ang mga kasong ito partikular sa mga teenager at mas bata na nasa hustong gulang. Mahalagang isaalang-alang na ang myocarditis ay posibleng resulta ng mga impeksyon sa COVID-19.

Ang mga indibidwal na nakaranas ng myocarditis o pericarditis mula sa isang nakaraang bakuna sa COVID-19, ay puwede pa ring makatanggap ng isa pang dosis ng bakuna pagkatapos na higit itong talakayin sa kanilang mga provider sa pangangalagang pangkalusugan.



Iba Pang Tanong

Ilang mas nakatatandang nasa hustong gulang ang nabakunahan sa Canada?

Mula sa umpisa ng Disyembre 2023, 94 porsyento ng mga taga-Canada na 60 taong gulang pataas (hindi kasama ang Alberta) ang nakatanggap ng kahit isang dosis ng bakuna laban sa COVID-19. Gayunpaman, 38 porsyento lang sa mga nakatatandang taga-Canada ang nakatanggap ng mRNA na bakuna laban sa COVID-19 na may XBB.1.5. Isinasaad nito na ang karamihan sa mga mas nakakatandang nasa hustong gulang sa Canada ay posibleng kwalipikadong matanggap ang mga mRNA na bakuna laban sa COVID-19 na may XBB.1.5. Ang bakunang ito ay inaasahang makakapagbigay ng mas mahusay na immune response laban sa mga kasalukuyang kumakalat na strain ng COVID-19, at mapapahusay din nito ang proteksyon laban sa impeksyon, may sintomas na sakit, at malubhang sakit na posibleng mabawasan mula sa huling pagpapabakuna o impeksyon ng isang tao.

Paano ako makakakuha ng talaan ng aking kasaysayan sa pagpapabakuna laban sa COVID-19?

May iba't ibang paraan para makakuha ng talaan ng iyong kasaysayan ng pagpapabakuna sa COVID-19. Kasama sa online na paraan ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Mag-click sa sumusunod na link ng website: <https://www.canada.ca/en/public-health/services/diseases/coronavirus-disease-covid-19/vaccines/vaccine-proof.html>.
2. Mag-click sa kahon ng iyong probinsya/teritoryo.
3. Mag-click sa green na kahon para bisitahin ang hurisdiksyonal na website.
4. Ibigay ang kinakailangang impormasyon para makuha ang iyong patunay ng pagpapabakuna laban sa COVID-19.

Kasama sa paraan ng telepono ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Makipag-ugnayan sa iyong pangunahing provider sa pangangalagang pangkalusugan dahil kailangan silang magkaroon ng talaan ng iyong mga bakuna sa COVID-19.
2. Kung hindi mo makukumpirma ang iyong kasaysayan sa pagpapabakuna, magtanong sa iyong provider sa pangangalagang pangkalusugan para sa ibang paraan para subukang tukuyin ito.

Kakailanganin ba naming patuloy na magpaturok ng dosis ng bakuna kada tatlo o anim na buwan?

Sa kasalukuyan, hindi pa tiyak ang tungkol sa taunang pattern ng impeksyon sa COVID-19, tagal ng proteksyon sa immune system ng mga bakuna at/o impeksyon, at ang epekto para sa mga bakuna sa hinaharap. Habang mas maraming pananaliksik at data ang inilalabas sa mga paksang ito, magbibigay ang NACI sa mga Canadian ng mga ganitong rekomendasyon tungkol sa pagitan sa mga dosis ng bakuna.

Gayunpaman, hindi dapat maghintay ang mga indibidwal sa mga pasyang ito at kumilos ngayon sa pagtanggap ng mga bakuna.

Mayroon bang ibang bakunang dapat kong kunin?

May limang iba pang bakunang aprubado at/o inirerekomenda para sa mga nakakatandang nasa hustong gulang sa Canada, kasama ang:

| Mga Sakit na Maiiwasan sa Pagpapabakuna | Tagal ng (Mga) Dosis ng Bakuna |
|---|--------------------------------|
| Influenza (flu) | Isang dosis kada taon |
| Respiratory syncytial virus (RSV) | Isang dosis |
| Pneumococcal na sakit (pulmonya) | Isang dosis |
| Shingles | Dalawang dosis |
| Tetanus at diphtheria | Isang dosis kada 10 taon |

Ang karamihan ng mga inirerekomendang bakuna ay puwedeng ibigay nang magkasabay. Makipag-usap sa iyong provider sa pangangalagang pangkalusugan hinggil sa pananatiling up to date sa iyong mga inirerekomendang bakuna sa iyo.

Para matuto pa tungkol sa mga sakit na maiiwasan sa pagpapabakuna, pambansang rekomendasyon sa bakuna, gastusin at availability, mag-click sa sumusunod na link ng pamphlet:

- [A Guide to Vaccines for Older Canadians pamphlet](#)

Mga Karagdagang Kapaki-pakinabang na Resource

- [World Health Organization – COVID-19 vaccines and vaccine safety](#)
- [Public Health Agency of Canada - COVID-19: Mga resource para sa mga nakakatanda at kanilang mga tagapag-alaga](#)
- [Unambiguous Science](#)
- [Johns Hopkins Medicine - COVID-19 Vaccines: Myth Versus Fact](#)

Para matuto pa tungkol sa NIA, bisitahin ang aming website sa www.NIAgeing.ca at i-follow kami sa Twitter sa [@NIAgeing](https://twitter.com/NIAgeing)